

## MGA MUKHA NG KAHIRAPAN

LAURA SAMSON, MA. ROSARIO PIQUERO  
AT CYNTHIA ROSE BANZON

Mass media is a very potent force in society. It reflects the existing culture and molds the consciousness of people. C.W. Mills asserts that mass media does not only give information but guides people's very experience. Thus, it can change or reinforce the state of consciousness of people.

Such a role gives media the power to generate illusions, that is, it can provide people with conceptions of the world that need not correspond to what they actually meet in real life. These illusions are very significant because of their consequences for the perceptions and actions of people.

Mass media presents people with a mirror where they can catch a glimpse of themselves. Since no man can look at himself directly, he is bound to accept the image of himself as real. However, not all mirrors reflect the true image of the objects before it. If such mirrors are presented to people, then their image of themselves will be mere illusions.

Illusions can be created from the top. Analogously, the mass media, as an instrument of the few puts the mirror in front of the people to create images of people and the world. On the other hand, illusions may have been created prior to the focus media gives them. In this case, media merely sustains illusions.

This paper aims to show how mass media in the Philippines is responsible for sustaining and creating illusions about poverty.

May kawikaang sa anumang dula ay may bida at may ekstra. Kung ang lipunan natin ngayon ay maituturing na isang malaking dulaan, ang nakararaming gumaganap, ang nakararaming Pilipino ay masasabi nating "ekstra."

"Ekstra" dahil tagasalo, tagakunsumo ng mga bagay, biyaya at pagkakataon. Tagasimot ng basurahan, masinop na tagaipon ng mga kalawanging lata, ng maruruming papel na nilukot at ginamit ng kung sinong kamay. Matiising mamamayan ng estero, tagasagap ng lahat ng baho at dumit ng lunsod. Nagmamakawang kamay, tagasahod sa mga sobrang barya at mga lumang kamiseta ng mga may-konsiyensiya.

Bakit ganoon? Bakit nagtitiyaga sila sa tira, sa pinagpilian? Bakit sila nananatili sa pagiging ekstra? Bakit hindi sila kumilos at gumawa ng dula na sila naman ang bida?

Ang mga tanong na ito ay hindi madaling sagutin. At marami ang mga posibleng kasagutan. Sa pagkakataong ito, pagtuunan natin ng pansin ang isa sa mga kasagutan:

Sa kabila ng katotohanang sabit lamang sila sa eksena, maraming ekstra ang alipin ng ilusyon na sila ang bida. Sa pamamagitan ng *mass media* at iba pang mekanismong pang-ideolohiya, maraming kalsipan ang nabibiktima ng paniniwalang maganda at kahanga-hanga ang kanilang papel, na ang dramang kanilang ginagampanan ay lehitimo't karapat-dapat na itaguyod.

Suriin natin kung paanong ang *mass media*, gaya ng peryodiko, radyo, telebisyon at pelikula, ay nagiging pabrika ng mga ilusyon upang madaling malulon ng nakararaming naghihirap ang kanilang katayuan sa umiiral na lipunan.

Naniniwala kami na ang pagkakakadena ng maraming kaisipan ay malaking balakid sa pagkilos tungo sa paglikha ng mas makabuluhan at mas makatarungang dula ng buhay.

### *Ilusyon ng Pagiging Bida*

Ang *mass media* ay malakas na puwersa sa lipunan. Tambalang gawain itong sumalamin sa umiiral na kultura at humubog sa kamalayan ng mga tao. Si Henry Lefebvre, isang sosyologong Pranses ang nagwika ng "*mass media forms and dilutes judgments. It instructs and conditions minds. It fascinates and debases by saturation with images, with news that is accepted even if not newsworthy.*"

Maraming mga larawan sa ating isip ang nakuha natin sa *mass media*. Sabi nga ni A. Schutz, nakatira tayo sa isang "segunda-manong daigdig." Maliit na bahagi lamang ng akala ng tao ay mga realidad ng daigdig ang nakuha niya nang diretsuhan. Ang kalakhan ng mga larawan ng tao hinggil sa mga pangyayari at kalagayan ay napulot niya sa *media* — hanggang sa kung minsan, may mga taong ayaw maniwala sa kanilang nakikita hangga't hindi muna nila nababalitaan sa radyo o nababasa sa peryodiko. Wika ni C. W. Mills, hindi lamang nagbibigay ng impormasyon ang *mass media*. Pinapatnubayan din nito ang mga karanasan ng tao. Sa gayon. maaaring baguhin o dagdagan ng *mass media* ang kamulatan ng mga tao.

Sa ganitong tungkulin, may kapangyarihan din ang *mass media* na lumikha ng mga ilusyon, alalaong baga'y maaari itong magbigay sa mga tao ng paliwanag sa daigdig na maaaring hindi naman talaga katugma ng tunay na buhay. Ang mga ilusyong ito, bagama't ilusyon ay nagiging katotohanan dahil sa mga kongkretong pagkilos na nababatay sa kanila.

Sinasabing ang *mass media* ay parang salamin. Binibigyan ng *mass media* ang mga tao ng salamin upang makita nila ang kanilang sarili. Sapagkat mahirap na diretsuhang masdan ng tao ang kanyang sarili, napipilitan siyang tanggapin ang larawan sa salamin bilang katotohanan. Gayunman, hindi lahat ng salamin ay tapat. Mayroon ding salaming sinungaling. Kung ito lamang ang salamin na ihaharap sa mga tao, kung sila'y hindi mabibigyan ng pagkakataong

tingnan ang mukha nila sa ibang salamin, higit ang bisa ng *mass media* na magdikdik ng ilusyon.

Maaaring likhain ang ilusyon mula sa itaas. Sa ganito, kapag ang *mass media* ay isang kasangkapan ng iilan, inihaharap nito sa mga tao ang paglalarawan ng iilan sa kanila at sa daigdig. Sa kabilang banda, and mga ilusyon ay maaaring naroon bago ito sinalamin ng *mass media*. Sa kasong ito, ang mga ilusyong pinaiiral ng mga kondisyong panlipunan ay pinananatili ng *mass media*.

Saan nanggagaling ang lakas ng *mass media* na bumuo ng ilusyon? Upang sagutin ito, kailangang suriin ang balangkas ng *media* at ang kaugnayan nito sa balangkas ng lipunan na kinalalagyan nito.

Kagagawan ng *mass media* sa Pilipinas ang paglikha at pagpapanatili ng mga ilusyon hinggil sa mga katotohanang panlipunan. Bilang isang mahirap na bansa, ang Pilipinas ay nakasadlak sa malubhang kahirapan. Malaki ang papel ng *mass media* sa pagbuo ng mga ilusyon hinggil sa kahirapan.

Mapatutunayan ito sa pamamagitan ng mga pag-aaral mula sa radyo, komiks at pelikula. Pinili namin ang tatlong anyong ito ng *media* dahil sa ito ang pinakapopular sa mga mamamayan. Pitumpu't walo at pitong porsiyento (78.7%) ng mamamayang nasa kategoryang may kitang mababa sa ₱5,000 taon-taon nitong 1971 ang patuloy na nakikinig sa radyo. Humigit-kumulang ay 1,800,000 sipi ang sirkulasyon ng mga komiks linggo-linggo. Bawa't komiks ay binabasa ng anim katao, kaya't umaabot sa 10,800,000 ang bumabasa sa 40 milyong mamamayan ng Pilipinas. Sa kabilang dako, papalakas ang kita ng pelikula. Ang pag-arte ni Nora Aunor sa *Banawe*, ang romantikong mga eksena ni Chanda Romero at ang kakaibang suntok ni Fernando Poe, Jr. ay bukambibig na ng mga karaniwang mamamayan sa araw-araw na pag-uusap.

Katulad ng inaasahan, ang pangunahing mga tauhan ng mga istorya sa komiks, sa radyo at sa pelikula ay mga mahihirap. Sila ang bida, sila ang nasa *limelight*. Paboritong paksa ng *mass media* ang kanilang buhay, pag-ibig, pangarap at sama-ng-loob.

Ang kanilang pangunahing problema ay kaugnay ng problema ng pagtakas o pagtata-gumpay sa kahirapan. Subali't ang kahirapan ay hindi na inilalarawan bilang isang bagay na mapang-api. Hindi na ito ginagamit upang maging dahilan ng kriminalidad. Sa halip, ang mga bidang babae at lalaki ay nagkakaroon ng kamulatan na maaaring mabuhay sa gitna ng kahirapan at ang pagtakas sa kahirapan ay wala lagi sa lunsod. Ang panawagan ay tungo sa pagbabalik sa isang mapayapang buhay sa baryo.

#### *Mga Pilosopiya ng Kahirapan*

Iba't ibang pilosopiya ukol sa kahirapan ang makikita sa *mass media*. Kung kabilang ka sa naghihirap na sektor ng lipunan at nagsisimula nang magtanong ("Bakit ba ganito ang buhay ko?) ay ito ang ilan sa isasagot ng *mass media*.

Una, kagustuhan iyan ng Maykapal. Natural lamang na may mahirap at may mayaman. Kailangang tanggapin mo na ang mga tao ay nilikha ng Diyos na hindi pantay-pantay.

Ito ang aral na napulot ni Nardo sa "Umulan ng Salapi" (*Pilipino Komiks* Nob. 29, 1973). Isa siyang tsuper ng dyipni na masipag naman kaya lamang ay mainggitin. Gusto niya kasing yumaman at maging pantay-pantay ang tao. Minsan ay nanaginip siya na umulan daw ng pera at nakapulot siya nang maraming pera. Kaya lamang, balewala rin pala ang salapi dahil wala siyang mabilhang tindahan. Wala nang gustong magtinda, dahil katulad ni Nardo ay nakapulot din ang ibang tao ng maraming pera.

Mabuti na lamang at panaginip lamang pala iyon. Kaya pagkagising ni Nardo ay hindi na siya naiinggit sa mayayaman. Kontento na siya sa buhay at magsusumikap na lamang sa pagiging tsuper. Medyo nagpasalamat pa siya at mahirap siya. Kung walang mahirap, sino ang magsisikap?

Kaugnay nito ang paniniwalang bahagi ng buhay ang pagdurusa. Kung nagdurusa ka ngayon, liligaya ka naman bukas. Ito ang aral na isinasaad ng isang kanta na pinatutugtog bago magsimula ang isang drama sa radyo:

Isasalaysay ko ang aking buhay  
Puno ng pighati at pagdurusa  
Mga suliranin at kalungkutan  
Magtiis ka, utos ng Diyos  
May kakamtin ding ligaya.

Ikalawa, ganyan ang buhay. Ganyan ang kapalaran. Tulad nga ng introduksiyon sa isang drama sa radyo, "ang buhay sa mundo ay tulad ng umiikot na gulong. Minsang papaibaba, minsang papaakyat. Subali't sinuman siya, ang tao ay kailangang umagapay sa gulong ng buhay."

Ganito ang situwasyon ni Ben at Dune sa *Baliksumbat*. Si Ben ay may asawa, mahirap at palaasa sa kapatid na si Dune subali't kung nanghihingi siya ng pera ay nagpapakita ng pagkainis ang kanyang kapatid. Nasabi niya sa sarili na pagyumaman siya, gaganti siya at pagmamaramutan ang kapatid.

Tumama siya sa *sweepstakes* at ang kapatid niya ay nawalan ng trabaho. Pero nagbago na siya ng loob. Napag-isip-isip niya na dapat tumanaw ng utang na loob sa kapatid, na dapat niya itong bahaginan ng suwerte.

Nang makausap niya ang kapatid ay humanga siya sa katatagan nito. Kahit nawalan ng trabaho, nagsikap pa ring kumita sa ibang paraan.

Ang aral: parang gulong nga ang buhay, pero kung nasa ilalim ka, magsikap ka. Kung nasa ibabaw ka naman ay huwag mong kalilimutan ang nasa ibaba. Suwerte, suwerte lamang.

Ikatlo, hindi mahalaga ang pera sa mundo. Kung salat ka sa salapi, mayroon ka namang ibang bagay. Tandaan, mayroon ang mahihirap na wala ang mayayaman. Halimbawa, sa larangan ng pag-ibig ang mayaman ay sawi habang ang mahirap naman ay mapalad.

Ito ang buod ng isang kuwento sa programang *Parisukat na Mundo* (DWWW). Nauukol ang kuwentong ito kay Bella, apo ng mayamang Don, at kay Fred, anak ng hardinero nila. Ganito ang istorya: Si Bella ay may gusto kay Fred subalit si Fred ay walang gusto sa kanya dahil ang gusto ni Fred ay isang simpleng babae na kapareho niyang mahirap. Dahil sa sama ng loob ay naaksidente si Bella at naging paralitika. Sa awa ng lolo ni Bella ay pinakiusapan sa pamamagitan ng ina ni Fred na pakasalan ni Fred is Bella. Dahil sa utang na loob, pumayag si Fred. Pero sa dakong huli ay binigyan ni Bella ng kalayaan si Fred dahil napag-alaman niya na hindi pala nabibili ng salapi ang pag-ibig.

Tahimik din daw ang buhay ng maliliit. Mapalad sila at walang problema.

Sa istoryang "*Sino ang Mayaman at Sino ang Mahirap*," ang batang si Rommel na naghahangad yumaman ay naging saksi sa pangit na mukha ng buhay-mayaman. Ang trahedyang mayamang pamilya ay ipinaliwanag ng ama ni Rommel sa ganitong paraan upang pawiin ang kanyang labis na ambisyon:

Huwag kang maiinggit sa mayayaman. Ang mahalaga ay nakapag-aaral ka, kumakain nang husto sa oras at may sariling bahay . . . ang maliliit ay higit na mayaman sa pakikisama.

Ang ikaapat na paliwanag ay kasalanan mo. At ang isang kasalanan ay anak ka kasi nang anak.

Sa dulang "*Ang Haligi: Dito sa Maynila, Eva*," ipinakita ang paghihirap ng isang biyuda dahil sa dami ng anak na dapat palakihin. Ang ganitong mentalidad ukol sa ugat ng kahirapan at sa kahalagahan ng *family planning* ang naging paksa ng ilang pelikula tulad ng *Bato-Bato sa Langit*, *Batingaw* at *Tama na Erap*.

Isinusunod dito ang paliwanag na: kasalanan mo, nagsusumiksik ka kasi sa siyudad. Dapat bumalik ka sa nayon. Magsaka, magtanim at mag-alaga ng hayop.

Para sa mga desperadong tauhan sa *slums*, ang pag-ahon sa kahirapan ay isang posibilidad kung magbabalik lamang sila sa baryo. Doon ay may tahimik at maligayang buhay na naghihintay sa kanila. Ito ang pagkilos na ginawa ng *construction worker* sa "*Sapagka't May Dam-damin*" at nang walang trabahong *taga-slums* sa "*Anyaya ng Bukid*."

Bukod pa, ang baryo ay pook hindi lamang para sa mga may nais ng payak na pamumuhay. Nag-aalok din ito ng pagkakataon para sa mga taong nais maging mayaman. Ipinakita ito sa matagumpay na pamumuhay ng mga tauhan sa "*Kuwento ng Saging*." Sa pamamagitan ng pagtatanim ng saging na iniluluwas sa ibang bansa ang pangunahing tauhan ay kumita ng ₱1,000 isang buwan. Pagkaraan ng ilang taon siya ay nagkamal ng kayamanan mula sa saging at nakapagtayo ng kanyang pangarap na bahay.

Sa pilosopiyang pinalalaganap ng *mass media*, mapapasan ang diin sa kahalagahan ng simpleng pamumuhay. Ang kahirapan naman daw ay hindi ganoon kasama, mayroon ding kabutihan ang pagiging mahirap. Ang kailangan

lamang ay bawasan ang inggit, magpakababang-loob, umasa at kumilos nang ayon sa mga pinag-uutos ng lipunan.

#### *Tungo sa Bagong Bida*

Dahil sa kakayahan ng *mass media* na lumikha at magpalaganap ng mga ilusyong nagiging batayan ng pagkilos, ang bahaging pampolitika nito sa lipunan ay hindi maitatwa. Gayunman, hindi lamang ang *mass media* ang gumaganap ng ganitong tungkulin. Ang anumang anyo ng komunikasyon na gumagamit ng wika, ayon kay Claus Mueller, ay may katangiang pampolitika, pagpapabango at pagpapatatag ng kaayusan at sistema. Maaari din naman itong gamitin bilang kasangkapan sa pagbabago ng kamalian at paglansag sa istruktura ng lipunan.

Maging ang panitikan sa Pilipinas ay hindi nakaiwas sa ganitong tungkulin. Ang panitikan ay maaaring gamiting susi sa pagpapalaya o tanikala sa pang-alipin. Sa panahon ng mga Espanyol, naging kasangkapan lamang ang panitikan sa pagkakalat ng relihiyon. Sa panahon ng Amerikano, ang panitikan naman ay nakapaglingkod sa mapanlinlang na patakaran ng Estados Unidos. Sa panahon ng Hapones, ang panitikan ay ginawang balatkayo ng pagkamakabayan. Pagkaraan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ang panitikan ay naging piitan ng huwad na kasarinlan. Ngunit nagamit din sa panahon ng Himagsikan ang panitikan bilang kasangkapan sa pag-iit ng mapagpalayang kamulatan.

Ang potensiyal ng *mass media* at iba pang uri ng komunikasyon bilang instrumento sa pagbabago ng lipunan ay nakasalalay sa antas ng kamulatan at direksiyon ng pagkilos ng mga kasangkot na sektor: manunulat, kritiko, mandudula, artista, direktor at iba pa. Ang kamalayang ito'y nakikita sa kanilang konsepto ng gamit ng wika at komunikasyon, ng kanilang tungkulin sa lipunan at ng kanilang pagsusuri't pagkaunawa sa suliranin at dinamika ng mga puwersa sa lipunan.

Gayunman, hindi sapat ang kamulatan sa pagbabago ng direksiyong tinutungo ng *mass media* ngayon. Maraming mga balakid na dapat isaalang-alang sa paggamit ng *mass media*. Ang

mga balakid ay maaaring nanggaling sa itaas sa pagtangka ng mga namumuno sa lipunan na hawakan ang nilalaman at daloy ng komunikasyon, maaaring mula sa pribadong sektor na maaaring gamitin ang *mass media* upang palaganapin ang kanilang interes na komersiyal, at maaari ring mula sa ibaba, sa kakulangan ng kakayahan ng nakararami na unawain ang kontraksiyon ng lipunan.

Paano haharapin ang mga balakid na ito?

Isa itong katanungan na dapat pag-ukulan ng masusing pag-aaral. Kung ang hamon ay ang paggawa ng isang bagong dula, ano naman ang papel ng intelektuwal sa eksena: Isang pasibong tagasunod o nakikibahaging tagamasid?

Hindi iilan ang intelektuwal na masasabi nating mulat sa nagaganap sa lipunan. Mayroon din namang matatawag na *concerned* at nakikisangkot. Marami din namang intelektuwal ang nangungunyapit sa ilusyon ng pagiging dakila, ng pagiging tagasagip ng nakararami. Iilan na nga bang mga dula ang binuo at binubuo ng mga imahinasyon?

Ang mga ilusyon ng kadakilaan ay nagniningning sa harap ng realidad na itinambad ng dulang *Higaang Marmol* kamakailan. Isang malaking trahedya kung ang mga pangarap na ito ay mauwi lamang at maimbak bilang iskrip at papeles sa binubukbok at inaanay nang kabinet ng intelektuwalismo.

Malaking hamon para sa lahat na bigyang-buhay ang mga ilusyon upang mabago ang realidad. Huwag nating pabayaang ang nakararami sa lipunan na manatiling ekstra. Tungkulin natin at hamon sa atin ang pagsasakatuparan ng mga ilusyon sa kadakilaan upang ang mga ito ay maging katotohanan.

#### *Note*

This is a revised version of a paper read at the 1976 National Convention of the Philippine Sociological Society. The authors are with the Department of Sociology, University of the Philippines System,

## THE PHILIPPINE STATISTICIAN

Vol. XXV Nos. 1-2

January-June 1976

*Emelinda Tiglao*

Measuring Plan Performance: A Brief Report  
on the EPRS Exercises to Formulate Sectoral  
Performance Indicators

*Burton T. Oñate*

Composite Index for Measuring the Direction  
and Pace of Development

*Evelyn M. Go*

Comments on the Flow-of-Funds in the  
Philippines

*Aida R. Saldua and*

*Manuel A. Superticioso, Jr.*

The Flow-of-Funds in the Philippines

*Elpidio D. Makanas*

Toward an Integrated System of Economic  
Accounts

Annual subscription rates: ₱12/US\$4

Mail orders to the PSSC Central Subscription Service, P.O. Box 655, Greenhills,  
Metro Manila 3113, Philippines.